CBC Radio-Canada

**NEWS RELEASE / BAGONG BALITA**
**Ilalathala kaagad**

# PAGLUNSAD NG MAKABAGONG RADIO CANADA INTERNATIONAL PARA SA IKA-21 SIGLO

**Disyembre 3, 2020** – Sa araw na ito ay inanunsyo ng CBC/Radio-Canada ang malaking pagbabagong-anyo sa Radio Canada International (RCI) upang masigurado na ang serbisyo nito ay mapapanatiling malakas at makabuluhan sa 21st-century media landscape.

Sa *Your Stories Taken to Heart*, ang plano ng istratehiya ng CBC/Radio-Canada, nangangako itong "dalhin ang Canada sa mundo" at "ipakita ang Canada sa kasalukuyang panahon." Ang pagbabagong-anyo ng RCI ay kinakailangang gawin nang mabisang matupad ng serbisyo ang mahalagang tungkulin na dapat nito gawin upang maihatid ang mga pangako nito. Upang isagawa ito, ang RCI ay mag-aalok sa darating na panahon ng mas maraming content sa mas maraming wika; ang content ay ibabatay sa trabahong ginagawa ng iginagalang na news teams ng CBC/Radio-Canada upang maabot nito ang mga bagong tagapakinig sa Canada at sa ibayong dagat.

Ipinahayag ni Michel Bissonnette, ang Executive Vice-President ng Radio-Canada, kung ano ang kahulugan nito: "Simula noong itinatag ang RCI, ang naging mahalagang tungkulin nito ay ang maglaan ng Canadian perspective sa mga pangyayari sa mundo, at mula pa noong 2012 ay kinokonekta na nito ang mga bagong-dating sa ating bansa. Ang pagbabagong-anyo na ito ay magbibigay-sigla sa RCI, dahil ito'y mag-aalok ng content na mas nababagay sa media environment sa kasalukuyang panahon at na mas makakaabot sa mas malawak na audience.

"Hindi kailanman naging mas bantog kaysa ngayon ang tungkulin ng Canada sa mundo, at ang pagbabagong-anyo na ito ay makakatulong na maibigay ang mahusay at napapanahong content ng RCI sa mas maraming tao sa buong mundo, nang matuklasan nila ang kayamanan ng kultura at ang diversity ng ating bansa," sabi ni Barb Williams, ang Executive Vice-President ng CBC.

Ang pagbabagong-anyo ng Radio Canada International ay magbibigay-diin sa tatlong mahalagang sektor:

## Mas maraming mga wika

**Ang** editorial offering na kasalukuyang ibinibigay sa **limang wika ay daragdagan at gagawing pito; magdaragdag ng mga kompletong seksyon sa Punjabi** (ang pangatlong pinakapopular na wikang sinasalita ng mga imigrante sa Canada, pagkatapos ng Mandarin at Cantonese, ang mga pangunahing Chinese na wika), **at Tagalog/Taglish** (ang wikang sinasalita sa Pilipinas; parami nang parami ang nagsasalita nito sa Canada). Ang dalawang wikang ito ay idaragdag sa Ingles, Pranses, Espanyo, Arabic, at Chinese (kabilang dito ang mababasang traditional Chinese), ang mga kasalukuyang inaalok.

## Mas makikita / mas maririnig

**Ang RCI ay ipagsasama sa CBCNews.ca at Radio-Canada.ca** upang masamantala nito ang traffic, technology, visibility, at search engine optimization (SEO) ng mga site na ito. Ang RCI ay magkakaroon ng home page sa CBCNews.ca at Radio-Canada.ca, kasama ng isang portal page na mayroong lahat ng

mga inaalok na wika, at isang dedikadong seksyon para sa bawat wika. Ang RCI ay ipagsasama sa napakapopular na CBC News at Radio-Canada Info mobile apps; ang limang kasalukuyang app ng serbisyo ay ide-delete.

## Daragdagan ang editorial lineup

**Magkakaroon ng pagbabagong-anyo sa pagpapalakad ng RCI,** at ito'y mag-aalok na ngayon ng tatlong pangunahing focus: **pag-translate at pag-adapt ng mga kasalukuyang seleksyon ng mga artikulo** mula sa mapapagkatiwalaang CBCNews.ca at Radio-Canada.ca sites; **magkakaroon ng bagong lingguhang podcast** sa bawat wika ng RCI; at **magkakaroon ng mga field report sa Chinese, Arabic, at Punjabi**. Hindi lamang magdaragdag ang mga pagbabagong ito sa audience ng RCI at hindi lamang nito gagawing mas makabuluhan ang RCI -- makakatulong din ito na mas makaakit sa target audience nito, lalo na sa mga bagong-dating sa Canada.

Ang pagbabagong-anyo na ito ay mangangailangan ng restructuring sa resources ng RCI, na dating nagbigay-diin sa paggawa ng audio at video content. Ang bagong nine-member team ay bubuuin ng limang journalists na magtra-translate at mag-aadapt ng mga article ng CBC at Radio-Canada, tatlong field reporters, at isang chief editor. Ang team ay susuportahan ng mga network journalist sa Ingles at Pranses na nangongolekta ng balita sa buong bansa.

Kapag ang Radio Canada ay naging mas napapanahon, mas visible, o mas available sa mga wikang sinasalita ng pinakamaraming bagong Canadians, mas makakakonekta at makakapagtipan ito sa kanyang target audience. Ang content na ito ay libre ding ilalaan ng RCI sa mga interesadong ethnic community media. Ang bagong serbisyo ay ilulunsad sa Abril 2021.

-30-

Para sa karagdagang simpormasyon:

Chuck Thompson
Pinuno ng Public Affairs
CBC
chuck.thompson@cbc.ca
Cell phone: 416-205-3747

Marc Pichette
Senior Director, Public Relations and Promotion
Radio-Canada
marc.pichette@radio-canada.ca
Cell phone: 514-712-4342